* Unang nalathala bilang paunang salita sa Bisig, IV(1), 1992: I-III. Mapapansin na sa ilalim ng pangalan ni Doc Prudente ang nakalagay na "Tagapangulo-PUP-ILIR." Natapos ang huling termino sa pagkapangulo ni Doc Prudente noong 1991.

Paunang Salita
Dr. NEMESIO E. PRUDENTE
Tagapangulo, PUP-ILIR

Sa pamamagitan ng labas na ito ng BISIG, muling ipinaaabot ng ILIR (Institute of Labor and Industrial Relations) ng Poleteknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) ang matapat nitong pakikiisa sa mga adhikain ng uring manggagawang Pilipino tungo sa kanilang ganap na paglaya sa mga puwersa ng pambubusabos at inhustisya at, gayundin, pinakahahangad naming ang pag-unlad ng kanilang kalagayang panlipunan at pangkabuhayan.

Sapagkat bagsak ang pambansang ekonomiya at patuloy na lumalaganap ang disempleyo, napipilitan tuloy mandayuhan sa ibang bansa, hindi lamang sa Gitnang Silangan kundi maging sa Europa, Australia at Japan, ang marami nating kababayang manggagawa sa pagnanais na matugunan ang pangunahaing mga pangangailangan ng pamilya at mabigyan ng kahit kaunting kaluwagan sa pamumuhay ang mga iyon. Sa kasamaang-palad, marami sa kanila ang lubusang nagiging biktima ng pansasamantala, ng kalupitan at di-makataong paamalakad ng kanilang mga painaglilingkuran doon. Kalimitan, marami sa kanilang ang umuuwi nang bigo taglay ang mapapait na karanasang nagsisilbing makirot na sugat ng damdamin at kaisipan.

Sa loob man ng ating bansa, hindi mapapasubalian ang katotohanang talagang kahabaghabag pa rin ang kalagayan ng uring manggagawa. Sa kabila ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin, nanatiling mababa ang kanilang suweldo at salat sa mga benepisyo kung kaya halos araw-araw, nabubuhay silang parang hindi mga tao sa ilalim ng isang balintunang balangkas ng lipunan na ang kayamanan ng bansa ay kontrolado at pinagpapasasaan ng mga sampung porsiyento lamang ng ating populasyon. Bunga nito, natuto ngang kumilos at mag-organisa ang mga mangagawa, magtayo ng mga unyon, upang ipaglaban ang kanilang lehitimong mga karapatan ngunit sa halip dinggin ng mga kinauukulan ang

kanilang mga karaingan, ginigipit at tinatakot pa ng Establisimyento ang kanilang hanay at ipinakukulong o ipinapapatay ang kanilang mga lider.

Bukod sa nabanggit na mga suliranin , gaya ng malulupit na karanasan ng ating kababaihan at kalalakihang OCWs (**overseas contact workers**), narito rin ang isang lathalaing malinaw ng naglalarawan kung paano naman pinagsasamantalahan ng ilang mga tao --- pribado mang mga kapitalista o mga tauhan ng gobyerno --- ang ating mga mangagawa sa mga trosohan at lagarian. At dahil sa kanilang walang patumanggang pag-abuso sa kagubatan, maari tuloy maulit agad ang nangyari sa Ormoc City noong Nobyembre 5, 1991.

Sapagkat tunay na makabuluhan sa isip at damdamin ng lahat ng kabilang sa uring manggagawa ang kahulugan ng TAGUMPAY, minarapat din naming isalin sa Filipino ang VICTORY, ikasiyam na kabanata ng librong TEN DAYS THAT SHOOK THE WORLD ni John Reed, upang mapag-aralan ng uring, mangagawang Pilipino ang karanasan ng kanilang mga kauri sa ibang bansa.

Ano't anuman , sa mga nilalaman ngayon ng BISIG, sinisikap na pag-aralan at linawin ang nabanggit na mga suliranin ng uring manggagawang Pilipino. Sa pamamagitan nito, bukod sa mga seminar-talakayan na panapanahong idinaraos, makatulong nawa ang PUP-ILIR sa pambansang kaunlaran at katubusan ng uring manggagawang Pilipino.

Bilang tagapangulo ng lupon ng mga direktor at sa ngalan ng PUP-ILIR, mataos at maalab naming inihahandog sa lahat ng nakikibakang manggagawa ang isyong ito ng BISIG.

Mabuhay kayong lahat!